

Kukumpletuhin ng **Nagpapautang:**

Numero ng Pautang ng Nagpapautang/Pangkalahatang Identifier ng Pautang \_\_\_\_\_ Numero ng Kaso ng Sangay. \_\_\_\_\_

## Aplikasyon para sa Uniform Residential Loan — Karagdagang Kasulatan ng Hindi Kasal na Nangungutang

### Para sa Nangungutang na Pipiliin ang Status na Hindi Kasal

#### Mga Tagubilin sa Mga Nagpapautang sa Paggamit ng Karagdagang Kasulatan ng Hindi Kasal na Nangungutang

Maaari lang gamitin ng Nagpapautang ang Karagdagang Kasulatan ng Hindi Kasal na Nangungutang kapag pinili ng Nangungutang ang “Hindi Kasal” sa Seksyon 1 at kapag kinakailangan ang nakolektang impormasyon para malaman kung paano direkta o hindi direktang makakaapekto ang mga batas sa pag-aari ng Estado sa pagiging kwalipikado niya sa pautang, kabilang ang pagtitiyak ng isang malinis na titulo.

Halimbawa, maaaring gamitin ng Nagpapautang ang Karagdagang Kasulatan ng Hindi Kasal na Nangungutang kapag nakatira ang Nangungutang sa isang Estadong kumikilala sa mga civil union, domestic partnership, o rehistradong reciprocal beneficiary relationship, o kapag ang pag-aari ay nasa naturang Estado. Ang ibig sabihin ng “Estado” ay kahit na anong estado, ang District of Columbia, ang Commonwealth of Puerto Rico, o anumang teritoryo o pag-aari ng United States.

**Kung pinili mo ang “Hindi Kasal” sa Seksyon 1**, may tao ba na hindi mo legal na asawa pero mayroong mga karapatan sa real property na parang sa isang legal na asawa?  HINDI  OO

**Kung OO, isaad ang uri ng relasyon at ang Estado kung saan nabuo ang relasyon.** Halimbawa, isaad kung ang uri ng inyong relasyon ay pagsasama na may karapatan ng kasal (civil union), may kinakasama, rehistradong reciprocal beneficiary relationship, o iba pang relasyong kinikilala ng Estado kung saan ka kasalukuyang nakatira o kung nasaan ang pag-aari.

Civil Union  May Kinakasama  Rehistradong Reciprocal Beneficiary Relationship  Iba Pa (*ipaliwanag*) \_\_\_\_\_

Estado: \_\_\_\_\_

#### Pangalan ng Nangungutang: \_\_\_\_\_

Aplikasyon para sa Uniform Residential Loan — Karagdagang Kasulatan ng Hindi Kasal na Nangungutang

Freddie Mac Form 65 • Fannie Mae Form 1003

Magkakaroon ng bisa sa 1/2021